## Maglingkod sa Buhay….

**Ang Kabataang ang kayamanan ng anumang bansa : ang kinabukasan ng isang bansa ay nakasalalay sa pagmamahal at pansin na ibinibigay nito sa kanyang mga kabataan. Ang sinumang hindi bukas sa buhay ay walang pag-asa. Ang mga matatanda ang gunita at ugat ng bawat bansa. Masusukat natin ang paggalang ng isang bansa sa kanyang sarili sa pamamagitan ng pag-alaga nito sa kanila.**

**Ang buhay ang kanilang simulain at ito rin ang kanilang katapusan. Ang kabihasnan ng isang bansa ay masusukat sa pamamagitan ng kanyang kakanyahang paglingkuran ang buhay. Ang unang tinawag na maglingkod ay ang mga magulang. Tinawag sila upang bigyang buhay ang kanilang mga anak. Hindi nila malulutas ang suliranin ng pagpapalaglag ng bata (abortion) kung hindi nila maitataguyod ang pananagutan ng kanilang pagiging isang ina at ama. Mayroon pananagutan ang mga magulang kung tinuturing nila ang kanilang mga anak hindi bilang mga nilalang na binigyang buhay upang paglingkuran sila kundi upang turuan at gabayan ang kanilang mga anak, nang sa gayon ay magkaroon ang mga ito ng pagtiwala sa sarili, at kanilang harapin na walang takot ang mga paghamon dala ng buhay.**

**Ito ang kahulugan ng buhay. Nakakalungkot sabihin, ngunit napakalakas ang tuksong mapaglamangan ang kapwa. Ito ay nagaganap kapag ang pagkakaroon ng isang anak ay tinuturing na isang karapatan at pinagsisikapan bumuo ng buhay bagamat ang pamamaraan na ginagamit ay laban sa batas ng maylikha ng buhay. Ang pagkakaroon ng isang anak ay hindi isang karapatan kundi isang handog. Buong kagalakang tinatanggap ang sanggol bilang isang handog mula sa Diyos. Batid nating lahat na masakit para sa isang mag-asawa na hindi magkaroon ng mga anak. Dahil dito, sila ay inaanyayahang pag-isipan ang ibang uri ng pamamaraan upang matupad ang kanilang pangarap na maging mga magulang.Nariyan ang pag-aampon at ibang uri ng kawanggawa para sa kapakanan ng mga kabataan.**

**Ang paglilingkod sa buhay ay nangangahulugan pag-iwas sa anumang panganib na matatagpuan sa pinagtratrabahuan o mga panganib na matatagpuan sa daan. Ito rin ay nangangahulugan na mahalin ang buhay bagamat ito ay di kaaya-aya at mahirap. Ang buhay ay dapat tanggapin ayon sa pagpapakilala nito sa atin. Walang sinuman ang may karapatang hatulan ang buhay ng mga maysakit at may kapinsalaan sa pag-iisip, kung ito ay dapat ipagpatuloy o hindi. Ang mga matatanda at mga maysakit ay dapat tanggapin ng may pagmamahal sa loob ng isang pamilya.**
**Nakakasindak mabatid na maraming panahon ang ginugugol sa pagtatalo upang tapusin ang buhay ng mga matatanda at naghihirap sa buhay.Walang nagsusumikap na makahanap ng kalutasan upang mapagaan ang buhay ng mga matatanda at mabigyang lunas ang sakit ng mga naghihirap. Ito ang tunay na kalutasan upang mabigyan ng nararapat na paggalang ang karangalan ng tao. Ang mga matatanda at maysakit ay may karapatang harapin ang katapusan ng kanilang buhay na ligtas sa kahirapan. Sa pamamagitan ng pagmamahal, nadarama nila na sila ay hindi nag-iisa. Sa kanilang katandaan bukas sila sa lahat ng magagandang alaala na maaring ialay sa kanila ng buhay.**

**Taos-puso naming pinasasalamatan ang mga magulang, mga pari at relihiyoso,mga lolo at lola,mga guro, mga narses at manggagamot na tunay namang naglaan ng kanilang panahon upang mapabuti ang kalidad ng buhay ng tao lalo na ang buhay ng mga kabataan na nagsisimula pa lamang sa kanilang buhay at ng mga matatanda at mga maysakit na gutom sa pansin at pagmamahal ng kanilang kapwa.**
**Maraming salamat sa inyong lahat. Kayo ay mahalagang bahagi ng isang bansa na may pagnanasang galangin ang kanyang kasaysayan sapagkat ito ay naniniwala sa kanyang magandang kinabukasan.**